# Ika-74 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Agosto 31, 2022
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsimula ng ika-14 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan




Noong ika-17 ng Abril, Linggo, ay ginanap ang unang pagpupulong ng ika-14 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa Kawasaki International Center.

Sa ika-14 termino, mula sa mahigit na 200 aplikante, napili ang 26 na katao na galing sa 18 bansa. Sa ikaunang meeting, nagpakilala ng sarili at ng mga nais na pag-usapan sa mga susunod na meeting. Napili bilang tagapangulo si Perera Lahiru Sanketha (Sri Lanka), at pangalawang-pinuno si Li Huanhuan (China). Inyong asahan na ang mga bagong miyembro ay magsisikap upang gawing mas mabuting lugar ang lungsod ng Kawasaki.

## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

—— Iskedyul ng meeting para sa 2022——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras： mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-2 miting | Ikalawang Araw | Setyembre 11, 2022 (Linggo) |
| Ika-3 miting | Unang Araw | Oktubre 16, 2022 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Nobyembre 13, 2022 (Linggo) |
| Ika-4 miting | Unang Araw | Enero 15, 2023 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 19, 2023 (Linggo) |

＊＊＊＊＊＊＊

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# Pagpapakilala ng Kinatawan ng Ika-14 Termino

Sa loob ng dalawang taon, bilang kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki, aming pag-aaralan ang iba't-ibang problemang hinaharap ng mga dayuhan sa lungsod. Aming hinahangad ang inyong suporta.

1. Pangalan
2. Nasyonalidad o Rehiyon
3. Pakiramdam nang naging Kinatawan, nais na pag-usapan sa pulong

＜Pangulo＞



1. Perera Lahiru Sanketha
2. Sri Lanka
3. Isang malaking karangalan ang mapili muli bilang kinatawan kasunod ng nakaraang termino. Nais kong makipag-usap sa ibang katawan upang magkaroon ng mabuting panukala na maipagpapabuti ang tirahan para sa mga hapon at mga dayuhan.



1. Abdul Jalil
2. Indonesia
3. Masaya ako at napili bilang kinatawan. Nais kong makagawa ng komyunidad ng dayuhan upang maging masaya ang pamumuhay sa lungsod ng Kawasaki. Nais kong tumulong sa mga dayuhang nangangailangan upang magkaroon ng lungsod na madaling tirahan.



1. Ito Yurika Karen
2. USA
3. Gamit ang opurtinidad na ito bilang isang kinatawan, nais kong mag-ambag sa Japan at sa Kawasaki. Nais kong pag-usapan ang pag-gawa ng lugar ng gugustuhing tirahan ng mga dayuhan.



1. Nguyen Truong Giang
2. Vietnam
3. Lubos kong ikinararangal na mapili bilang kinatawan. Katulong ang ibang mga kinatawan, nais kong makagawa ng panukala na magpapabuti ng pamumuhay.



1. Dai Shu
2. China
3. Napakasaya ko at napili bilang kinatawan. Nais kong makatulong sa pag-gawa ng Kawasaki na maipagmamalaki ng mga kabataan kahit na sa susunod na 10 hanggang 20 taon.



1. Dumayas Arianne
2. Philippines
3. Isang karangalan na mapili bilang dayuhan. Gamit ang karanasan ng nakaraang termino, nais kong pag-usapan ang mga panukalang maaring maisagawa.

＜Pangalawang Pinuno＞



1. Li Huanhuan
2. China
3. Aking ikinatutuwa na ako ay naging kinatawan. Nais kong gamitin ang karanasan ng nakaraang termino upang makipagdiskusyon sa ibang miyembro nang mahusay at maypagkaibigan at pag-galang.



1. Lee Ji Yeong
2. Korea
3. Lubos kong ikinararangal na mapili bilang kinatawan. Nais kong tumulong makagawa ng lunsod na madaling tirahan, upang lahat ay magkaroon ng koneksyon sa ibang taon, nang walang maiiwanan.



1. O Dahe
2. Korea
3. Ito ang una kong karanasan bilang kinatawan kaya't may kaba ako, ngunit inaabangan ko din ang mga mangyayari. Nais kong pag-usapan ang pamumuhay at mga problema ng mga dayuhan sa New Normal na panahon na ito.



1. Nguyen Nu Huong Giang
2. Vietnam
3. Aking ikinararangal na napili bilang kinatawan. Sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga dayuhan at lokal na Japanese, nais kong makatulong sa pag-gawa ng lugar na kumportableng mamumuhay ang lahat.



1. Thapa Ramesh
2. Nepal
3. Ako ay napakasaya at napili bilang kinatawan. Nais kong pag-usapan ang karanasan sa Japan at gamitin ito upang makagawa ng komyunidad na mabuting tirahan.



1. Noda Yuwaree
2. Thailand
3. Ako ay masaya at maaaring makilahok sa ibang mga dayuhang naninirahan sa lungsod ng Kawasaki. Nais kong pag-isipan ang mga ideya upang magkaroon ng diversity at maging mas madaling tirahan ang lungsod.



1. Ba Abou
2. Senegal
3. Ako ay masaya na napili bilang kinatawan, at nararamdaman din ang malaking responsibilidad na ito. Ang aking nais na pag-usapan ay ukol sa multi-kultural na paninirahan



1. Hristova Gabriela
2. Bulgaria
3. Salamat sa mabuting pagkakataon na ito. Aking inaasahan ang pakikilahok sa mga local na tao. Nais kong makatulong sa pag-gawa ng relasyon ng mga Japanese at mga dayuhan at pagpabuti ng lungsod.



1. Figueiro Kim Lilian
2. Brazil
3. Sa aking palagay isang napakaimportanteng aktibidad ang pagiging kinatawan ng mga dayuhan. Nais kong gamitin ang aking karanasan bilang ina at paramihin ang paglahok ng mga dayuhan at Japanese na pamilya.



1. Britcina Tatiana
2. Russia
3. Isang karangalan na mapili bilang kinatawan. Gusto kong makatulong sa pagtaguyod ng multicultural na pamumuhay sa lungsod. Sa miting, nais kong pag-usapan ang mahusay na pagpapalaganap ng impormasyon, at makatulong sa pagpapatakbo ng miting.



1. May Azael
2. Mexico
3. Aking ikinararangal na napili bilang kinawatan. Nais kong makatulong sa pagpapabuti ng lungsod ng Kawasaki habang nakikkinig sa boses ng ibang mga dayuhan.



1. Muhammad Aiman Arif
2. Malaysia
3. Gamit ang karanasan ng nakaraang termino, nais kong makipagtulungan sa ibang kinatawan sa pag-isip ng bagong ideya upang matulungan ang mga dayuhang nahihirapan. Nais kong makatulong sa pag-gawa ng ligtas na lugar para sa mga dayuhan.



1. Yang Tzu Yi
2. Taiwan
3. Aking ikinararangal na napili bilang kinatawan. Nais kong pag-usapan ang pagpapalaki ng mga anak ng dayuhan, at makatulong sa pag-gawa ng kumportableng tirahan para sa lahat.



1. Judek Marcin
2. Poland
3. Ako ay masaya at napili bilang kinatawan. Nais kong makipagtulungan sa ibang kinatawan, at pag-usapan ang pag-gawa ng ligtas na pamumuhay para sa mga Japanese at dayuhan.



1. Yun Ji Ha
2. Korea
3. Napakasaya ko at napili bilang kinatawan. Nais kong pag-usapan ang pagpapalaki ng bata ng mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki.



1. Li Chen
2. China
3. Lubos kong kinararangal na mapili bilang kinatawan. Sa mga miting, nais kong pag-usapan ang pagpapalaki ng bata ng mga dayuhan, pagsuporta sap ag-aral, at pagpapaunlad ng pagiging bahagi ng komunidad.



1. Liu Yingjie
2. China
3. Ako ay lubhang masaya at napili bilang kinatawan. Nais kong pagbutihin ang responsibilidad ng pagiging kinatawan. Nais kong magkaroon ng panukala tungkol sa medical at pagpapalaki ng bata.



1. Lin Fang An
2. Taiwan
3. Ako ay nasasabik sa bagong hamon na ito. Nais kong pag-usapan ang pagpapabuti ng pang-internasyonal na pag-unawa gamit ang mga paglahok ng mga Japanese at dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.



1. Laverman Kevin
2. USA
3. Ako ay muling nagpapasalamat at napili bilang kinatawan. Gamit ang karanasan sa nakaraang termino, nais kong tumulong sa pag-gawa ng ligtas at matiwasay na pamumuhay, at magkaroon ng yamanin ang lahat ng buhay.



1. Rotini Federica
2. Italy
3. Ako ay napakasaya at napili bilang kinatawan. Nais kong gawin ang makakaya kasama ang ibang kinatawan. Gamit ang aking karanasan, nais kong pag-usapan ang mga isyung hinaharap ng mga dayuhang pamilya na may iisang magulang, at makatulong sa pagpapabuti ng lungsod.

## Pag-ulat sa Alkalde ng Panukala at mga Gawain sa taong 2021 ng Ika-13 Termino



Noong ika-14 ng Abril (Biyernes), inulat sa alkalde na si Norihiko Fukuda and Panukala ng ika-13 Termino at mga aktibidad nito sa taong 2019. Ito ay inulat ng tagapangulo na si Lahiru Sanketha Perera, ikalawang pangulo na si Liang Zhang, tagapangulo ng komite ng Internasyonal na Komunidad na si Kiyomi Maeda, at tagapangulo ng komite para sa Ligtas na Pamumuhay na si Nontticha Kodama. Ang inulat ay para sa panukala ng "pag-gawa ng multi-linggwal na kasangkapan para sa pangangalaga ng bata", "orientation", at "Multicutural Lounge (pansamantalang ngalan)" Ayon sa alkalde, "Ang pagiging ikalawang bayan ng Lungsod ng Kawasaki, ay hindi lamang importante para sa mga dayuhang maninirahan nito, ngunit importante din para sa buong mamayan ng lungsod. Nagpapasalamat ako sa tatlong panukalang ito, dahil ito ay napakaimportante. Ang pulong ng kinatawan ay sikat sa buong bansa, at sa aking palagay magiging modelo ng bansa itong positibong pakikipagtulungan sa gobyerno." Noong ika-27 ng Mayo (Biyernes), ay naimbitahan din ang mga representatibo na dumalo sa komite sa Edukasyon ng Konseho ng Lungsod bilang taong sanggunian, at inulat din dito ang nilalaman ng panukala at mga Gawain sa taong 2021.

Ang mga detalye ng panukala ay matatagpuan sa Taunang Ulat sa taong 2021 at sa Ika-73 na newsletter. Ang taunang ulat at newsletter ay makukuha sa sulok ng mga material, sa homepage ng lungsod, sa civic center, at sa library.

《Impormasyon sa pagpapalaki ng bata》

## Alam mo ba ang Lokal na Sentro ng Suporta sa Pangangalaga ng Bata?



Maraming dayuhang magulang na nagpapalaki ng anak ay maaaring hindi mapalagay dahil wala silang matanungan tungkol sa pagpapalaki ng anak. Sa Lungsod ng Kawasaki, mayroong "Sentro ng Suporta sa Pangangalaga ng Bata" sa bawat ward kung saan ang mga batang mula 0 taon hanggang bago mag elementarya, at ang kanilang mga magulang ay maaaring maglaro. Sa mga lugar na ito, maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng bata, kumonsulta sa kanila, at magplano ng iba't ibang mga ibento. Isa rin itong magandang lugar para makipag-ugnayan sa ibang mga magulong. Mayroon ding mga nursery teacher, kaya pwedeng makapag-relax ang magulang at madama ang saya sa pagpapalaki ng mga bata. Mangyaring inyong tingnan ang malapit na lokal na sentro ng suporta sa pagpapalaki ng bata.

【Listahan ng mga lokal na sentro ng suporta sa pangangalaga ng bata】
https://www.city.kawasaki.jp/kurashi/category/17-2-10-9-0-0-0-0-0-0.html

Figueiro Kim Lilian

**Para sa Tanong**
Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki
210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用